

Chlamydia

Ang Chlamydia ay isang napakakaraniwang bacterial STI na maipapasa habang nakikipagtalik nang hindi gumagamit ng condom o iba pang paraan sa proteksyon.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Puwedeng magdulot ang chlamydia ng impeksyon sa cervix, urethra, anus, lalamunan at mga mata.
- Walang sintomas ang karamihan sa mga taong may chlamydia.
- Mabisang ginagamot ang chlamydia gamit ang mga antibiotic.

Ano ito? (What is this?)

Isang pangkaraniwang bacterial na impeksyong naisasalin sa pakikipagtalik (STI) ang chlamydia.

Kung babae ka, puwedeng magdulot ang chlamydia ng impeksyon sa cervix, anus, lalamunan, at paminsan-minsan sa mata.

Kung lalaki ka, puwedeng magdulot ang chlamydia ng impeksyon sa cervix, anus, lalamunan, at paminsan-minsan sa mata.

Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Magkakaroon ka ng chlamydia sa pamamagitan ng vaginal, anal o oral na pakikipagtalik sa isang taong mayroon nito.

Puwedeng mapababa ng paggamit ng condom o dam ang panganib na magkaroon ng chlamydia.

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Walang sintomas ang karamihan ng mga tao.

Babae (Vagina)

Kung babae ka, maaari kang makaranas ng:

- pagbabago sa inilalabas ng ari
- hindi regular na pagdurugo (lalo na pagkatapos makipagtalik)
- pananakit ng pelvis, kabilang ang pananakit habang nakikipagtalik
- pagkirot o paghapdi kapag umiihi

Lalaki (Penis)

Kung lalaki ka, maaari kang makaranas ng:

- Pamumula ng butas ng ari
- pagkirot o paghapdi kapag umiihi
- lumalabas mula sa ari (na madalas na malinaw ang kulay)
- Pananakit at pamamaga ng mga bayag

Puwet (Anus)

Maaari kang makaranas ng discharge, pagdurugo o pananakit sa puwet.

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Nasusuri ang chlamydia sa pamamagitan ng sample ng ihi, o swab mula sa cervix, ari, lalamunan o puwet.

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Mabisang ginagamot ang chlamydia gamit ang mga antibiotic. Gayunpaman, kung may pinaghihinalaan kang mga komplikasyon, nagbibigay ng mas matagal na panahon ng pagpapagamot.

Kung mayroon kang mga sintomas, karaniwang nagsisimulang mawala ang mga ito ilang araw pagkatapos mong magsimula sa pagpapagamot.

Kung mayroon ka pa ring mga sintomas pagkaraan ng isang linggo pagkatapos mong magsimula sa pagpapagamot, kailangan mong bumalik sa iyong doktor.

Mayroon ba itong anumang komplikasyon kapag hindi nagamot? (Are there any complications if not treated?)

Kung babae ka, puwedeng magdulot ng pelvic inflammatory disease (PID), na isang impeksyon sa uterus at mga fallopian tube, ang hindi nagamot na chlamydia. Puwedeng magdulot ng pagkabaog ang PID.

Kung lalaki ka, puwedeng magdulot ng pagkabaog ang hindi nagamot na chlamydia.

 Alamin pa ang tungkol sa pelvic inflammatory disease sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

Malamang ba na bumalik ito pagkatapos ng paggagamot? (Is it likely to come back after treatment?)

Para maiwasang muling magkaimpeksyon at maipasa ang chlamydia sa iba pang tao:

- Hindi ka dapat makipagtalik hanggang isang linggo pagkatapos magsimula ang paggagamot. Kahit pa gumamit ng condom o dam.
- Hindi ka dapat makipagtalik sa sinuman hanggang isang linggo pagkatapos nilang magsimula sa paggagamot.
- Kung ginamot ang iyong kapareha pagkatapos mo, nangangahulugan ito na walang pagtatalik hanggang isang linggo pagkatapos nilang magsimula sa paggagamot. Kung hindi, puwede kang muling magkaroon ng impeksyon at kakailanganing magpagamot ulit.

Inirerekomenda namin na magpaalitan ng pagsusuri usang buwan pagkatapos ng paggagamot para sa anal chlamydia at 3 buwan pagkatapos ng paggagamot para sa lahat ng ibang uri ng chlamydia.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Ang pinakamagandang proteksyon para maiwasan ang muling pagkakaroon ng chlamydia ay sa pamamagitan ng:

- pagpapaalam sa iyong mga sekswal na kapareha ng tungkol sa iyong impleksyon na chlamydia
- pagtitiyak na ginagamot din para sa chlamydia ang iyong mga kasalukuyang sekswal na kapareha
- paggamit ng condom o iba pang paraan sa pagbalakid sa sinumang kapareha sa hinaharap

Ipaalam sa kanila (Let them know)

Kapag nasuri kang may STI na tulad nito, kailangang masuri ng doktor ang lahat ng iyong naging sekswal na kapareha sa nakaraang ilang buwan.

Napakahalaga na masuri ang lahat ng iyong sekswal na kapareha (regular at kaswal) dahil maaaring magdulot ng malalalang problema kung hindi magagamot ang mga STI.

Kung nahihirapan kang sabihin sa iyong mga kapareha, puwede mong gamitin ang [Ipaalam sa Kanila](http://letthemknow.org.au) (letthemknow.org.au) para sa mga halimbawang pag-uusap, email, text message at mga sulat na puwede mong ipadala sa iyong mga kapareha nang personal o nang hindi nakikilala.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.